

# 1

Nakaupo si Mikaela Galang sa harap ng kanyang laptop, fingers poised sa ibabaw ng keyboard, nakatuon ang mga mata sa puting screen. Blangko ang dokumentong nakabukas doon. Walang nakasulat kundi ang mga katagang ‘Chapter One’ sa upper left corner. Parang tinutuya siya ng pakurap-kurap na cursor sa ilalim niyon.

Huminga siya nang malalim at pinigilang mabuwisit. Demmits, ilang linggo na siyang walang maisulat! Di niya ma-gets kung bakit. Hindi naman niya first time. Marami na siyang naisulat na nobela mula nang maging full time novelist tatlong taon na ang nakakaraan. Sa katunayan, isa siya sa naitanghal na pinaka-prolific na writer sa publishing house nila last year.

*What is wrong with you, Kaela?* kunot ang noong tanong niya sa sarili.

Sa huli ay binubura rin niya ang ilang paragraphs na naisusulat dahil tingin niya ay walang saysay ang mga iyon. May mga pagkakataon pa na umaabot siya sa halfway ng required pages ng manuscript saka niya maiisip na walang kuwenta ang itinatakbo ng

kuwento at nauuwi lang sa recycle bin ang sinulat niya.

Tumayo siya mula sa work table at nagtungo sa kusina. Kailangan niya ng kape. Nagsalang siya ng iiniting tubig at inihanda ang coffee dripper na tinakalan niya ng dalawang kutsaritang bagong giling na coffee grains. Nang makapagtimpla, binalikan niya ang for the nth time ay sinusubukang isulat na nobela.

Humigop muna siya ng mainit na likido at muling ipinatong ang mga daliri sa keyboard. Tumipa siya. Ilang minuto din na sunud-sunod at walang patlang. Lagpas five hundred words nang maisipan niyang pasadahan mula simula ang isinulat.

“Shit,” inis na bulalas niya. Pinindot niya ang backspace hanggang nag-disappear lahat ng salitang nai-type na niya sa doc file.

*What am I doing wrong?*

Hinilot niya ang nagsisimula nang kumirot na sentido.

*I used to just breeze through my manuscripts and now...*

Naisip niya na subukang maglakad-lakad muna sa labas ng bahay. Baka sakaling sa paligid ng

subdivision niya makita ang mailap na mga ideya.

Nagbihis siya ng shorts at simpleng puting baby tee. Nag-medyas at rubber shoes at pagka-spray ng paboritong vanilla scent, kinuha niya ang bag mula sa kinapapatungan nito sa console table malapit sa front door at lumabas.

Ano nga ba ang mayroon? May nagbago kaya sa routine niya?

Kapag umaga, gumigising siya sa kinasanayang oras—alas siete. Magyo-yoga siya nang isang oras at bilang pang-cool down, nagbubutingting siya ng mga alaga niyang halaman sa bakuran. Mag-aagahan siya at habang kumakain, bibisitahin niya ang kanyang *Facebook*, *Twitter*, *Plurk* at *Tumblr* accounts. Kung may online sa mga kaibigan niya, iyon din ang panahon para maki-chika siya sa mga ito.

Pagkatapos, ililigpit na niya ang pinagkainan, maliligo at saka niya babalikan ang laptop para sa trabaho—una, ang kanyang online job at ikalawa, ang pagsusulat niya ng mga nobela na siyang itinuturing niyang totoong career since she left her day job as a teacher at the local school three years ago.

Kapag sinimulan niyang tumipa, hindi na siya tumitigil. Parang tubig sa gripo kung makapag-isip

siya ng susulatin. Ideas and stories came naturally to her na parang may nagkukuwento sa kanyang isip. Nagkukuwento na walang patlang at parang parating hinahabol matapos.

Kapag nagutom na ulit siya, magluluto siya ng tanghalian at kakain. Magpapahinga saglit, iidlip kung gusto niya bago muling balikan ang tinatrabaho. Maghahapunan siya habang pinapanood ang mga paborito niyang series na ipinapalabas sa cable TV o kung hindi naman, nagsasalang siya ng DVD.

Nasaan doon ang social life? Tatlong taon nang gayon lang ang routine niya at masaya naman siya. Kailangan pa ba niya ng social life? Not that she didn't have friends. Pero dahil may sari-sariling mga pinagkakaabalahan din ang mga ito, hindi priority ang lumabas at gumimik para sa mga ito.

Medyo malayo na siya nang maramdaman ang isang malamig na patak ng tubig sa kanyang pisngi sa gitna ng kanyang pagmumuni-muni. Tumingala siya.

Nagdidilim.

Pumalatak siya bago binagtas ang daan pabalik sa kanyang bahay. Wala siyang dalang payong. Wala kasi sa hitsura ng langit kanina na uulan. Maaliwalas at walang maitim na ulap. But then magulat pa ba

siya? Ganoon talaga sa Negros Oriental. Mabilis magbago ang panahon.

Binilisan niya ang lakad dahil lumalakas ang ambon at ayaw niyang mabasa at malamigan. Baka magkasakit siya. Nasa kanto na siya ng kalye kung saan naroon ang kanyang bahay nang mapansin niya ang isang dilaw na kotse sa harap ng isa sa mga bakanteng bahay sa malapit. Ngayon lang niya nakita iyon sa tinagal-tagal ng panahong nakatira siya sa subdivision na iyon.

Nang matapat na siya roon, tamang-tama na lumabas mula sa kotse ang nagmamaneho who, she assumed, was the owner.

Parang nalunok niya ang puso nang lumingon ito sa kanya. Lalo yatang namanhid ang katawan niya dahil ngumiti pa ito kasabay ng marahang pagtango.

*“Maayong hapon,”* narinig niyang sabi nito.

*Cat got your tongue?* Narinig niya sa isip ang boses ng isang kaibigan na malimit iyong sabihin sa kanya tuwing matutulala siya.

Yup, the cat, the dog, whatever other animal there was definitely got her tongue at the moment.

Mabuti na lang nakuha niyang ngumiti at

kumaway rin dito bago siya halos patakpong pumasok sa bakuran ng Block 11 Lot 14.

---

Mukha siyang tanga kanina, aminado siya roon. Siguro nga kulang na siya ng social skills dahil ni hindi niya nakuhang sumagot sa isang lalaking magalang na bumati sa kanya. Pero kasi, nataranta yata siya na makakita ng ganoon kaguwapong nilalang sa kanilang neighborhood.

Teka lang... parang may puwedeng ibunga ang naudlot niyang planong maglakad dahil sa nakita. Perfect ang image nito para maging hero sa isang love story.

Ang hindi niya agad na-acknowledge ay bukod sa guwapo, maganda ang pangangatawan nito kung pagbabatayan iyong pagkakahulma ng suot nitong t-shirt sa dibdib at mga bisig nito. Hindi iyong tipong namumutok na maihahambing sa mga bodybuilders. Ang tipo ng katawan nito ay iyong saktong lang. Saktong mapagpantasyahan na baka masarap magpayakap dito dahil kasyang-kasya ka sa loob ng mga bisig nito at saktong rin ang mag-settle sa gitna ng dibdib nito.

Humagikgik siya sa kilig.

*Malandi ka, Kaela, aniya sa sarili.*

*Kuwentong Pag-ibig Lang - Edith Joaquin*

---

Inilarawan niya ang kanyang hero eksakto sa hitsura ng lalaking mukhang magiging kapitbahay niya.

Nitong mga nakaraang buwan ay may construction sa bahay na iyon sa kabila. Pinabakuran iyon, pinalagyan ng tiles at ni-repaint. Sana ito ang maging residente roon. Para may sisilip-silipin na siya.

Mentally ay tinuktukan niya ang sarili.

*Mamboboso!*

In fairness, nakatulong na nasilayan niya ang lalaki para maka-take off ang kuwentong sinimulan niya.

Lumipas ang dalawang oras. Madilim na ang langit dahil gabi na, at malamig ang ihip ng hangin dala ng pag-ambon. Pumikit siya at sumandal bago sinipat ang kabuuan ng sinusulat.

Aba, naka-tatlong chapters siya! At kaiba sa dati, hindi niya naramdaman na kailangan niyang burahin ang natapos. Baka dapat araw-araw may nakikita siyang bagong lipat at guwapong kapitbahay para ma-inspire.

Naiiling na ngumiti siya.

Nakaramdam na siya ng gutom kaya minabuti

*Kuwentong Pag-ibig Lang - Edith Joaquin*

---

muna niyang tumigil sa ginagawa. Pasta ang naisipan niyang ihanda dahil mabilis iyon lutuin. Sauteed garlic na may kaunting sprinkle ng basil, chili powder at parmesan cheese....

Isinasalang na niya ang noodles nang maistorbo siya ng isang boses na tumatawag mula sa labas.

“Yes?” nakuha niyang sabihin nang sumilip siya bago namilog ang kanyang mga mata.

*It's him!*

“Good evening!” nakangiting sabi nito. “Pasensya na sa istorbo, Miss. Itong bahay mo lang kasi ang may ilaw at... bukas.”

Tumaas nang bahagya ang kilay niya.

*Gan'un?*

Wala itong ibang mapagtanungan kaya sa gate niya naisipang kumatok? Well, may point ito. Maagang matulog ang mga tao sa neighborhood nila. Sa tagal na niyang nakatira doon ay hindi pa niya nakikilala ang mga kapitbahay niya.

“Itatanong ko lang sana kung paano lumabas? Pinauna ko na kasi pabalik ng downtown 'yung trabahador ko dito, akala ko maaalala ko na ang daan,” anito.



*Susme, pati boses pang-hero!*

Malamig ang hagod. Iyong tipong masarap pakinggan sa telepono habang bumubulong ng sweet nothings.

“Miss?”

Shet. Nakanganga lang pala siya. “Sorry, ano nga ’yun?” Itinaas niya ang kamay para haplusin ang buhok.

“Ah, asa ang dalan pagawas dire?” utal nitong ulit gamit ang salitang Bisaya.

“No, it’s okay, Tagalog din ako,” aniya dahil kahit Bisaya ang kanyang ama, hindi siya natutong magsalita niyon bukod sa, *ambot nimu, ui*.

“Ah, okay.” Lumawak ang ngiti nito. “Akala ko di mo ako naintindihan kasi Tagalog ang salita ko.”

“Ay, hindi iyon.” Naramdaman niya ang pag-iinit ng mga pisngi. “Ahm,” lumabas siya nang tuluyan mula sa pintuan, humilig sa gate at inilabas mula sa grills ang kanyang kamay. “Derechuhin mo lang ito. Sa dulo kaliwa. Unang kanto kaliwa ulit tapos ikalawang kanto kanan. From there makikita mo on your left side ang gate palabas ng subdivision.”

“Thank you, Miss. Kanina pa kasi ako nag-iikot,

hindi ako makalabas. Iniisip ko na nga kung kailangan ko nang baligtarin ang t-shirt ko.”

Natawa siya. Nervous laughter dahil nagkaroon siya ng mental image nito na walang saplot. Sana isipin na lang nito na dahil lang iyon sa kasabihang kailangang baligtarin ang suot kapag naliligaw.

“Okay lang ’yan. It took me a few weeks din bago ko natutunan kung paano magpaikot-ikot dito sa loob.”

“Medyo may kaguluhan ang mga kalye dito, ano?”

“Right,” aniya.

“Sige, Miss, salamat.” Binuksan na nitong muli ang pinto ng kotse. “Pasensya na ulit sa istorbo.”

“No problem.” Kumaway siya rito. “Ingat ka.”

Tuluyan na itong pumasok ng sasakyan. Pinaandar nito ang makina at dalawang beses na bumusina bago ito nagmaniobra palayo. Nanatili siyang nakatayo roon, unconsciously ay sinisinghut-singhot ang hangin sa naiwan nitong samyo. Pinaghalong *Calvin Klein* at ang preskong amoy ng bagong paligo ang sumusuot sa kanyang ilong.

## 2

Matamang binabantayan ni Gerardo Hechanova ang mga kargador ng cargo service na nagbababa ng mga gamit niya mula sa truck papasok sa biniling bahay sa subdivision na iyon. Matagal na niyang nabili iyon, salamat na lang at nakinig siya sa suhestyon ng mga kaibigan niya nang nag-iisip siya noon ng matinong pag-iinvest-an ng kanyang pera. Tahimik ang paligid at relaxing ang atmosphere.

Para namang hindi pa siya sanay sa chismis. But at this point in his life, sawa na siya sa buhay sa Maynila.

He was one of the youngest TV and movie directors to ever hit the local entertainment scene pero tila siya rin yata ang pinakabatang director na magiging 'has-been' lamang ng industriyang kanyang minahal.

Nasa kolehiyo pa lang siya noong magsimula siya sa entertainment industry. Kasabay ng pag-aaral ng Theater Arts major in Directing and Playwrighting sa *University of the Philippines*, nag-intern siya sa ilan sa mga batikang direktor sa bansa. Pinagbuti niya ang gawain kung kaya hindi na niya ikinagulat nang

bago pa man siya magtapos ay pinahahawak na siya ng sariling palabas para i-direct.

Maraming malalaking proyekto ang sumunod sa unang successful TV program na kanyang idinerehe— isang TV concert special ng isang sikat na singer. Mula roon ay nahawakan niya ang concerts, iba pang TV programs ng ilan sa mga sikat na artista sa Philippine showbusiness at eventually nga, ang pelikula.

Nagtatrabaho man siya, hindi niya pinabayaan ang pag-aaral. Alam niyang bukod sa reputasyon at sa actual output kung saan niya maipapakita ang kanyang galing, kailangan niya ng diploma to back him up if and when the time came na hindi na niya maaasahan ang reputasyon to speak for him. Nagtapos siyang may *cum laude* honors bukod pa sa taon-taong nakapako ang pangalan niya sa listahan ng university scholars.

Hindi lang niya inasahan talaga na mabilis lang palang darating sa kanya ang kinatatakutan at iniiwasan niyang failure.

Ipinilig niya ang ulo. He was not a failure. It was just a slump. And had he insisted on doing what he wanted and thought was right instead of going with what his producers recommended and insisted on, mananatili sana ang kanyang winning streak.

That being said, kasalanan niya kung bakit siya nasa slump. Naging sunud-sunuran siya.

“Sir, iyon na po ang huling box,” anang pahinante, bringing him back from his musings.

“Sige, maraming salamat, ha.” Inilabas niya ang wallet para kumuha ng pang-tip dito.

“Maraming salamat din, Sir,” nakangiting balik nito matapos tanggapin ang ilang pirasong dadaanin na iniabot niya. “Kung may kailangan pa kayo ulit, Sir, tawag lang po kayo sa opisina.”

“Oo, ’wag kayong mag-alala,” paninigurado niya sa mga ito bago tarangkahan ang bakal na gate.

Pumasok siya sa loob ng bahay at pinagmasdan ang patung-patong na kahon doon. Hindi niya akalaing marami na pala siyang naipundar na gamit. Kunsabagay, hindi niya talaga hinayaang humulagpos lang mula sa kanyang mga kamay ang perang kinikita niya. In-invest niya iyon sa kagamitan, sa bahay na iyon, sa kanyang kotse, ilan sa bonds and securities at ang bulk ay naka-time deposit.

Truth to tell, sa sobrang pagkametikuloso niya sa paghawak ng kanyang pera, puwede na siyang magretiro kahit malayo pa siya sa edad na cuarenta. Ayaw lang niya dahil baka mamatay siya sa boredom.

Ituturing niya ang paglilipat na ito bilang isang mahabang bakasyon.

Kumuha siya ng malamig na maiinom mula sa ref. Mainit nang araw na iyon, di tulad nitong nakaraang araw na bahagyang umulan at malamig ang hangin. And speaking of nitong nakaraang araw, nasaan kaya iyong nakita niyang kapitbahay?

Saradong-sarado ang bahay nito nang mapadaan siya roon kanina. Wala rin kahit anong ingay na nagmumula sa loob kaya naisip niyang malamang ay wala ito roon.

May pagkakataon na sana siyang kilalanin ito nang magtanong siya rito ng direksyon, ni hindi man lang niya tinanong kung ano ang pangalan nito. Of course, totoong naliligaw siya noon. But he could have gone on going around in circles hanggang matuklasan niya ang daan palabas. Pero nasilip niya ito mula sa kalye. At dahil nakita na niya ito nang mas maaga pa noong dumaan ito sa tabi niya, tumatak ang imahe nito sa utak niya.

Iisa lang ang mahalagang impression na nabuo niya nang unang makita ito—she was beautiful. No, not just beautiful, she was breathtakingly beautiful.

Sa mundo ng showbiz, sanay siyang makakita

*Kuwentong Pag-ibig Lang - Edith Joaquin*

---

ng naggagandahang nilalang. Pagkase-sexy ng mga babae, matatangkad, magaganda ang mga mukha. Pero karaniwan ay wala nang bahid ng kahit kaunting kainosentehan. And that was what he found refreshing about his neighbor.

She was beautiful in a fresh, innocent, unassuming kind of way. Iyong tipong hindi nito alam na maganda ito. Ni hindi nito kailangang maglagay ng kolorete sa mukha para mamula ang mga pisngi o ang mga labi nito. Maganda ang bagsak ng unat nitong buhok na kulay itim. Pati ang hubog ng katawan nito ay maganda.

Huminga siya nang malalim. Matagal pa siya sa Negros Oriental. May pagkakataon pang makipagkilala siya rito.

---

Pawis na pawis na si Gerry sa maghapon paglilinis ng bahay. Matagal na mula nang humawak siya ng walis at basahan. Ang huli ay noong bata pa siya at nakatira pa sa poder ng mga magulang. Ayaw kasi ng nanay niyang lumaki silang magkapatid na hindi marunong mag-ayos ng bahay.

Nang magkaroon siya ng sariling kita at nagkalakas-loob na bumukod sa isang condo unit sa

*Kuwentong Pag-ibig Lang - Edith Joaquin*

---

Timog, Quezon City, may cleaning lady na nagpupunta dalawang beses isang linggo na naninigurong maayos at malinis ang bawat sulok ng kanyang tirahan. Ito rin ang bahala sa supplies, mapa-grocery o toiletries. Damit at underwear lang niya ang siya mismo ang nag-aabalang bumili.

Ang cleaning lady din ang nagluluto ng kanyang pagkain. Madalas sa hindi, inaabutan siya ng mealtime sa labas pero kampante siyang pagdating ay may makakain siya kung abutan siya ng gutom sa bahay.

Panahon na ulit para mag-rely siya sa sarili. Medyo problema niya ang pagkain dahil hindi siya marunong magluto. Thank God for instant food.

Hinubad niya ang suot na t-shirt na noon ay nakadikit na sa kanyang katawan. Ginamit niya iyong pamunas sa kanyang pawisang mukha bago iyon dinala sa banyo para isampay sa curtain rod na naghihiwalay sa shower stall at toilet.

Pagkasuot ng fresh na t-shirt, iniayos niya ang iiinit na pagkain para mag-lunch. Kahit paano, marunong naman siyang mag-operate ng mga simpleng aparato sa bahay.

Unang subo pa lang niya, agad na niyang naisip



*Kuwentong Pag-ibig Lang - Edith Joaquin*

---

na nami-miss niya ang totoong lutong bahay. Pero iyon na nga, kung gusto niyang mamuhay mag-isa, kailangan niya munang magtiis hanggang matuto siyang magluto o makahanap ng kasambahay, whichever came first.

Iniligpit niya ang pinagkainan at ininuman bago muling binalingan ang natitirang gamit na kailangang iligpit. Magsisimula na sana siyang balikan ang mga iyon nang marinig niya ang malakas na pagtili na sinundan ng ingay ng tila isang mabigat na bagay na lumagapak sa isang bagay na agad nabasag.

Sumilip siya mula sa pintuan and stared in horror at his car na noong umagang iyon lang ay perpektong kumikintab sa sinag ng araw pero ngayon ay may malaking butas sa harap kung saan sana ay nag-reflect ng maaliwalas na langit ang windshield.

Sa tabi ng crime scene ay nakatayo ang isang dalaga habang nakatitig sa damage. Nakatutop ang mga kamay sa bibig nito.

“I’m so sorry.” Umangat sa mukha niya ang tingin ng kanyang kapitbahay.

“What the hell have you done?” Pasugod at galit na galit niyang nilabas ito.

“I’m...” Umiling-iling ito. “I don’t know what

happened,” halos pabulong na sabi nito habang iminumuwestra ang mga kamay sa hilerang mga kahoy na kanina lang ay maayos na nakasandig sa isang makeshift na structure sa harap ng kotse. “May tinatawag lang akong pusa na sumuot sa gitna n’ung... and then... I’m so sorry...” Tuluyan na itong napaluha na hindi tinatapos ang sinasabi.

Doon siya nataranta. Dead set siyang magsungit at magalit pero hindi niya inasahan ang isang ngumangawang dalaga sa harap niya. Ayaw niya iyong may umiiyak sa harapan niya.

“Miss, please calm down.” Nilapitan niya ito. “Wag ka namang umiyak, o.”

“Wag akong umiyak?” tili nito. “Sinasabihan mo akong ’wag akong umiyak matapos mo akong sigawan?”

Ewan lang niya, pero nauwing siya ang humihingi ng paumanhin for all their other neighbors to see.

“I’m sorry about that, nagulat lang ako.” Hindi niya alam kung paano patatahanin ito. “Ikaw kasi...”

“Oo na nga!” anito, medyo malakas, kasabay ng pagsilip ng nag-uusyosong mga mata mula sa mga bintana ng kalapit na mga bahay. “Sinadya kong sagiin ’yung mga kahoy para bumagsak sa kotse mo.”

Paano nga ba nito napabagsak ang mga kahoy na iyon na kung tutuusin ay hindi naman basta lang babagsak mula sa kinasasandigan ng mga ito?

“Wala akong sinasabing sinadya mo. At saka, bakit ikaw pa yata ang galit ngayon? Hindi ba ako ang agrabyado dito? Ako ang nasiraan ng kotse, ah.”

“Hindi mo kailangang sumigaw!” Pumadyak ito.

“Hindi ako naninigaw!” Pinamaywangan niya ito.

“Sumisigaw ka! Nakalabas lahat ng litid mo, o!” Dinuro nito ang gawi ng leeg niya.

Napaawang na lang ang bibig niya. Gusto pa sana niyang magpakawala ng di magandang salita pero nagpigil na lang siya.

“Look,” aniya, ikinuyom ang mga palad para kumalma, “ayoko nang makipag-usap. Puwede ba ibigay mo na lang sa akin ang number mo? I hope you don’t mind, I’ll have my lawyer call you para makuhaan ka ng statement dahil kailangan ’yun para sa insurance claim. Thank God, I got a comprehensive one.”

Hinintay niya itong mag-react pero palagay niya ay ilang minuto na siyang nakatayo roon ay nakatulala pa rin ito sa kanya. Pikon siyang nagbuga

ng hangin at saka pumasok sa loob ng bahay. Pumilas siya ng maliit na piraso ng takip ng isang basyong karton doon para mapagsulatan nila ng impormasyon at saka niya ito binalikan.

“Miss, pakisulat dito ang number mo, please.” Iniabot niya rito ang hawak na karton at black marker. Inulit niya ang kanina pa niya naibigay na instructions dahil pusta niya, hindi siya nito naintindihan. “Kakailanganin kang makausap ng lawyer ko for your statement dahil hihingin iyon ng insurance company para sa documentation ng claims ko.”

Buti naman at parang nakaintindi na ito kahit pa blangko pa rin ang expression nito sa mukha. Kinuha nito ang iniaabot niya at sinunod ang pakiusap niya. Habang nagsusulat ito, kinunan niya ng litrato ang damage ng sasakyan.

Nang matantiya niyang tapos na itong magsulat, hinawakan niya ito sa bisig at iginiya ito hanggang makarating sila sa tapat ng bahay nito.

“Siguro naman kaya mo nang susian ang gate mo para makapasok ka sa loob?” walang tonong sabi niya. “Antayin mo na lang ang tawag ng lawyer ko.”

Iyon lang at walang lingon-likod niyang nilayasan ito keshodang manatili ito roon hanggang umaga.

*Kuwentong Pag-ibig Lang - Edith Joaquin*

---

Napailing siya. Mali yata ang akala niyang masaya siya at kapitbahay niya ito.

# 3

Ang sabi nila, huwag na huwag ka raw makikipagtalo sa isang writer. You just might find yourself inhumanely tortured, labeled a screaming, ugly fag, or worse, dead.

Iyon eksakto ang ginagawa ni Mikaela sa kanyang hero turned villain. Noong una niyang makita ang lalaking iyon, inakala niyang perfect itong hero material.

Well, perfect nga kung physical appearance lang ang titingnan. O pati na rin siguro ang boses. Iyong tipong nakakakilig pakinggan habang bumubulong ito ng sweet nothings sa tainga ng isang... ng isang napakatangang babae na maniniwalang ang angelic nitong mukha at ang mapang-akit at malumanay nitong boses ay mula sa isang mabait at mapagkakatiwalaang nilalang.

Puwes, mali iyon. Maling-mali. Kaya nga mula sa pagiging bida ng kanyang latest accomplishment, ginawa niya itong bonggang kontrabida. At dahil isang masamang nilalang, nauwing nahagip ito ng isang rumaragasang truck ng basura.

Nabura sa aspalto ang nakalilinlang na angelic face na iyon. Tama rin na nabuhos dito ang laman ng truck. Bagay itong mapabilang sa mga basura. Buti nga.

Madiin at excited niyang pinindot ang 'period' key ng keyboard. Sinundan niya iyon ng pagtipa sa mga salitang 'The End' at saka siya sumandal sa kinauupuan sa harap ng laptop, a smug smile lighting her face.

Dinala niya ang pahina ng dokumento sa simula para i-review iyon. Makalipas ang kulang-kulang isang oras, idineklara niyang fit to be sent ang gawa. Mamumuhay nang happily ever after ang mga bida niya, malayo sa kahirapang gustong pagdalhan sa mga ito ng hinayupak na ex-bida.

Paano nga ba kasi nauwing road kill sa nobela ang kapitbahay niya? Simple lang.

Nagsimula ang lahat sa weird na aksidenteng nakasira sa kotse nito. Nag-effort siyang balikan ito pagkatapos niyang mahimasmasan para sabihing kasalanan niya talaga at gagawin niya ang dapat para makatulong sa pagbabayad ng damages. Naging maayos naman ang pakikitungo nito sa kanya, nag-apologize din ito sa pagsigaw nito dala ng pagkabigla.

Kinaumagahan, nagbago ang lahat pagtawag ng abogado nito para interview-hin siya tungkol sa insidente. This lawyer of his lost no time in running her down as if isa siyang kriminal hanggang sa umabot sa puntong hina-harass na siya ng walang respetong lalaki tuwing tumatawag ito sa kanya.

Isinumbong niya ang kinagagalitang nilalang pero ano ang sabi ng magaling na si Gerardo Hechanova?

*“Ganoon lang talaga iyon, ’wag mong personalin.”*

Aba’t ni hindi man lang pinagsabihan ang walang-modong matanda! Kung mayroon lang sana siyang itinatagong kayamanan, sinampal na niya ang mga ito ng salapi. Pero since wala pa siya sa liga ni J.K. Rowling at iba pang batikang manunulat, manahimik na muna siya.

Thank God at natapos agad ang usaping iyon. Pasalamat ang abogado... este abogado iyon at hindi niya alam ang hitsura nito kung hindi...

At lalong kailangan magpasalamat sa kanya ni Gerardo dahil kung nagkataong nakaapekto pa nang hindi mabuti sa pagsusulat niya ang verbal harassment ng abogado nito, tototohanin niya ang pagpapasagasa sa binata sa truck ng basura.



Ipinilig niya ang ulo para alisin sa isip ang istorbong kapitbahay. Kumonekta siya sa Internet para maipadala na ang manuscript sa kanyang editor. Pihadong matutuwa iyon dahil ilang araw na itong nangungulit na makatapos siya ng bagong nobela. Natutuwa siyang ipagmalaki na iyon ang pinakamabilis niyang natapos—tatlong araw lang. On the average kasi, it took her about a week or two to finish one.

In fairness, masama man sa loob niya, malaki rin pala dapat ang ipagpasalamat niya sa ungas niyang kapitbahay. Presence pa rin nito ang nag-udyok na matapos ang drought ng kanyang utak. Sa katunayan, nangangati na ulit siyang makapagsimula ng bagong nobela na may pagka-mystery ulit ang tema.

Kasabay ng pagpindot ng ‘send’ button sa kanyang *Gmail* account, kinuha niya rin ang cellphone at nag-compose ng maikling mensahe para sa pinagpadalhan ng e-mail.

*New MS submitted. Please check your inbox.*

Pagkapadala niyon, tumayo siya mula sa upuan at nag-inat ng nananakit na katawan. Puwede na sigurong mag-indulge muna sa isang DVD ng paborito niyang TV series—

*Criminal Minds*. Baka makakuha pa siya ng ideya roon kung paano susunod na me-murder-in si Gerardo Hechanova.

---

Malalim na ang gabi nang gulantangin si Mikaela ng pagtunog ng kanyang cellphone. Wala siyang naiisip na puwedeng tumawag sa kanya ng dis-oras kaya in-assume niya na malamang ay prank caller iyon.

Pero hindi tumigil ang aparato sa katutunog kaya nagdesisyon na siyang sagutin iyon. Napakunot ang noo niya nang matingnan ang caller ID at makitang nakarehistro ang pangalang Vivien Santos.

Ang editor niya. Bakit kaya siya tinatawagan nito ng dis-oras ng gabi?

“Miss Beng?” patanong ang sagot.

“Kaela, I’ve just read your manuscript,” bungad nito.

Nagsimulang bumilis ang heart rate niya. May mali sa tono nito. Parang hindi good news ang ibabalita.

“Nagpupuyat ka, Miss Beng?” Iyon ang palagay niya ay mas safe na puwede niyang itanong kaysa

unahan itong magsabi ng opinyon tungkol sa binasa nito.

“Hindi ako makatulog,” anito. “Kaela, I’m sorry kailangan talaga ngayon ako tumawag...”

Sasabog na yata ang puso niya.

“What happened?” derecho nitong tanong.

“What happened po saan?”

“Mikaela, nasanay akong makatanggap ng manuscript from you every other week. Before this one, the last one you sent was more than a month ago. ’Tapos ngayon...” Ibinitin nitong muli ang sasabihin.

Mamamatay na yata siya sa suspense. At sa kahihyan. Never siyang kinausap ni Beng Santos nang ganito! Not even when she was an up and coming writer na kalat-kalat ang ideas kung magsulat.

“Pangit ’yung script ko?” derecho na rin niyang tanong.

“It’s not that.” Nai-imagine niya itong umiiling-iling habang hinihilot ang sentido. “Well, there’s that but... Kaela, this is so not you.”

“Dahil du’n sa ending scene?” patuloy niyang hula.

“No, hindi lang ’yun,” sagot nito. “It...” Tumigil ito na parang naghahagilap ng tamang salita. “Ganito... noong nagsisimula ka, kalat ang scenes mo pero may logic, at coherent ’yung plot. This one, parang collection lang ng mga eksena na hindi pa magaganda.”

*Ouch!*

“Miss Beng, baka naman puwede mo akong bigyan ng notes kung paano ko siya mare-revise,” pakiusap niya.

Narinig niya itong bumuntong-hininga.

“This can’t be revised, Kaela. I’m sorry to say this to you, pero this manuscript is—”

“Trash.” Siya na ang tumapos.

“Well, I wouldn’t put it that bluntly pero...”

“It’s okay, Miss Beng,” aniya kahit masakit sa loob. “I get it. Okay lang ako. And now that you mentioned it, yes, parang hinugot ko lang sa kung saan-saan ang ginawa ko.”

“Kaela, do you need a vacation?” usisa nito. “Baka kulang ka sa inspiration kaya ka nagkakaganyan.”

“Miss Beng naman.” Naupo na siya sa sofa dahil

kanina pa pala siya nakatayo sa pintuan, nakatanghod sa kadiliman sa labas. “Bakasyon na nga actually ang lifestyle ko dito kasi aside from writing, wala na akong ibang ginagawang nakaka-stress.”

“Baka kailangan mo ng totoong lovelife.”

Buti na lang pala at naupo siya dahil kung hindi, malamang napahandusay siya sa sahig.

Lovelife? Ano ang kinalaman niyon sa pagsusulat ng romance? Marami siyang napapanood at nababasang mga kuwento tungkol sa pag-ibig. Shouldn't those be enough to give her inspiration for her work? At kung tulad din lang ng Gerardong iyon ang makikilala niyang prospect for a... a....

Syet, hindi bagay rito ang maging romantic hero.

*He's a pest!*

“Masaya ako sa pagiging single,” aniya.

“Hindi naman parating ang connotation ng lovelife ay pagkakaroon ng relasyon,” paliwanag nito. “I mean, do you even go out at all? Or parati ka lang nakakulong diyan sa bahay mo?”

“I do go out.”

“How often? With whom?”

Why are they having this kind of conversation?

“Friends ko,” kibit niya. “Whenever they’re free. Or whenever I feel like it.”

“Whenever you feel like it?” ulit nito. “Ibig yatang sabihin noon ay halos hindi ka lumalabas.”

Susme, daig pa yata ni Miss Beng ang nanay niya.

“Matanong nga kita,” patuloy nito nang hindi siya umimik, “nagka-boyfriend ka na ba, ever?”

Kinilabutan siya sa tanong. Boyfriend?

Siguro. Kung matatawag na boyfriend iyong lalaking nambola pa noong nanliligaw. Na he wanted to spend the rest of his life with her daw pero nang finally ay sagutin niya, natuklasan niya kung ano ang ibig nitong sabihin.

Ang life pala na kino-consider nito ay ang life ng sperm cells nito. Nilayasan lang siya ng walanghiya nang pilit siyang inaaya nitong mag-motel pero parati siyang tumatanggi.

Ah, may isa pa pala. Pero iyon naman, ang hanap yata ay nanay dahil ni hindi makakilos nang hindi siya kasama. Kahit nga noong mag-apply ito ng trabaho para maging seaman ay kinailangan niyang i-babysit dahil hindi nito umano alam kung paano

ang pasikot-sikot sa opisina ng recruitment agency. As if siya alam niya. Duh!

“Sort of,” sagot niya sa wakas.

“Anong sort of?” bulalas nito. “Yes or no lang naman ang sagot sa tanong ko.”

“Nagka-boyfriend naman po kaya lang walang nagtagal so parang hindi totoong relationship.”

“Ayaw mo na bang magka-boyfriend at all?”

Hindi niya kailangang mag-isip ng isasagot doon. “Ang sa akin lang, Miss Beng, ayokong mag-rely sa isang romantic relationship para i-define kung paano ako magiging masaya at satisfied.”

“Hay naku, you need major inspiration, I’m telling you,” anito. “At kung hindi relasyon ang magiging sagot, isa na lang ang puwede mo pang gawin bilang solusyon diyan. Magbiyahe ka nang bonggang-bongga. Pero dahil kailangan mo ng panggastos, kailangan mong humataw din ng pagsusulat, eh, hindi ka nga inspired. So babagsak ka pa din sa paghahanap ng boylet.”

*Gan’un?*

“I’ll be more careful na lang with my next manuscript, Miss Beng,” aniya. “I’ll start working on

*Kuwentong Pag-ibig Lang - Edith Joaquin*

---

a new one in the morning and then hopefully I can submit it to you after a week.”

Mabuti na lang hindi na ito kumontra. Tinanggap na lang nito ang sinasabi niya at nagpaalam na.

Thank God, that’s over!

Nag-lock na siya ng front door, nagpatay ng mga ilaw at nahiga na para matulog. Pagpikit niya ay gumala ang isip niya para makahanap ng bagong ideya para sa isusulat. Mabuti na lang nakatulog na siya bago pa man mag-register nang husto ang huling imaheng na-conjure ng utak niya— ang salitang boyfriend na naka-superimpose sa mukha ni Gerardo Hechanova.